# MGA KABABAIHAN SA KLINIKAL NA PAGSUBOK =PAG-ASA

Ang mga klinikal na pagsubok ay mga pag-aaral sa pagsasaliksik na makakatulong upang maipakita kung ang isang pagsubok o paggamot ay gumagana at ligtas. Maraming paraan na maaari kang makilahok sa isang pagsubok. Ang ilang mga pagsubok ay nagtatanong sa iyo ng mga katanungan tungkol sa mga paggamot na nagawa mo na. Sa ibang mga pagsubok, iinom ka ng bagong gamot. Ang ilang klinikal na pagsubok ay gumagamit ng malulusog na tao. Ang iba ay gumagamit ng taong may isang tiyak na problema sa kalusugan.

Tanungin ang iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan kung ang isang klinikal na pagsubok ay tama para sa iyo.

## Ang mga Babae ba ay nasa Klinikal na Mga Pagsubok?

Oo. Ang mga kababaihan ay nasa mga pagsubok na klinikal. Gayunpaman, ang mga kababaihan mula sa magkakaibang mga background ay kailangan pa ring lumahok. Ang mga kababaihan ng lahat ng edad, mga pangkat na lahi at etniko, at kababaihan na may mga kapansanan o malalang kondisyon sa kalusugan ay dapat na isipin ang tungkol sa isang klinikal na pagsubok.

Maaari kang tumulong sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng isang pagsubok para sa iyong sarili. Makagagawa ka ng malaking pagbabago sa pamamagitan ng pagtulong sa mga doktor na dagdagan ang nalalaman tungkol sa kalusugan ng kababaihan.

## Bakit Dapat Makilahok Ang Mga Kababaihan?

Maaaring makaaapekto ng magkakaiba ang mga produktong medikal sa mga kalalakihan at mga kababaihan. Mahalaga na lumahok ang mga kababaihan dahil kung minsan ay may iba't iba itong epekto sa mga kababaihan. Maaari rin itong makaapekto sa katawan ng isang babae kung paano gumagana ang mga gamot at aparato.

Tanggapan ng FDA para sa Kalusugan ng mga Kababaihan
www.fda.gov/womeninclinicaltrials

# 15 Mga Bagay na Dapat Mong Malaman Bago Ka Sumali sa isang Klinikal na Pagsubok

Pinili mo ang pagpunta sa klinikal na pagsubok. Hindi ka dapat makaramdam ng pagpilit na sumali. May karapatan kang huminto sa anumang oras. Mayroong mga patakaran upang maprotektahan ang mga tao sa mga klinikal na pagsubok.

Ang may kabatirang pahintulot ay ang proseso ng pag-alam ng mga pangunahing katotohanan tungkol sa klinikal na pagsubok bago ka sumali. Hindi lahat ng kailangan mong malaman ay nasa listahang ito, ngunit makakatulong ito sa iyo na simulan ang pakikipag-usap. Tiyakin na  nasagot ang iyong mga katanungan bago ka sumang-ayon na lumahok. Alamin:

## Ang Mga Layunin at Ano Ang Mangyayari

1. Ang layunin ng pag-aaral
2. Ang mga gamot, pagsusuri, at paggamot na maaari mong matanggap
3. Gaano katagal magtatagal ang pagaaral at ilang beses mong kailangang bumalik
4. Paano nila mapapanatiling pribado ang iyong impormasyon
5. Ano ang mangyayari pagkatapos ng pag-aaral

## Ang Mga Posibleng Panganib at Benepisyo

Ang pagsubok ay maaaring magbigay ng mga paggamot o pag-screen, ngunit walang pangako na magiging mabuti ang iyong kalusugan. Ang gamot, pagsubok, o paggamot ay maaaring hindi gumana para sa iyo.

6. Ang mga benepisyo ng paggamot
7. Ang mga panganib at mga epekto ng paggamot
8. Anumang paggamot o iba pang mga pagpipilian para sa mga taong may sakit
9. Kung maaari mong inumin ang iyong iba pang mga gamot.

## Anumang Iba Pang Suporta o Posibleng Mga Gastos

10. Anong paggamot o serbisyo ang babayaran ng pag-aaral
11. Kung ang pag-aaral ay nag-aalok ng pangangalaga sa bata o transportasyon
12. Ang mga halaga na maaaring kailangan mong bayaran
13. Ano ang sakop ng iyong insurance

## Paano Makakakuha ng Karagdagang Impormasyon

14. Sino ang dapat mong tawagan kung mayroon kang mga katanungan o problema
15. Paano mo makukuha ang mga result

# Ano ang Tungkulin ng FDA?

Tinitiyak ng U.S. Food and Drug Administration (FDA) na ang mga paggamot na medikal ay ligtas at mabisa para magamit ng mga tao. Ang FDA ay hindi nagkakaroon ng mga bagong paggagamot o nagsasagawa ng mga klinikal na pagsubok.

Ang Tanggapan ng FDA para sa Kalusugan ng mga Kababaihan ay nakikipagsosyo sa NIH Tanggapan ng Pagsasaliksik sa Kalusugan ng mga Kababaihan sa isang hakbangin upang maitaguyod ang pakikilahok ng magkakaibang kababaihan sa mga klinikal na pagsubok. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa mga aktibidad na ito, pumunta sa:

www.fda.gov/womeninclinicaltrials

DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES · USA
FDA U.S. FOOD & DRUG ADMINISTRATION